

هي العهد

ITO ANG KASUNDUAN



المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - e-Mail: fil@islamhouse.com
www.islamhouse.com

Mga mahahalagang Fatwa (mahusay na pagkapagpasiya) tungkol sa Salah.

Tanong: *Ano ang gagawin ng isang lalaki kapag inutusan ang kanyang mag-anak sa pagsasagawa ng Salah (pagdarasal), at siya'y hindi nila pinakikinggan; Siya ba'y manatili at tuluyang makihalu-bilo sa kanila o lisanin na lamang niya ang kanyang tahanan?*

Sagot: *Kapag ang kanyang mag-anak ay hindi kailanman nagsasagawa ng Salah. Samakatuwid, sila'y hindi mga Muslim, nagsitiwalag at lumabas sa Islam. At hindi ipinahihintulot sa kanya na siya'y manatili sa kanila. Datapuwa't nararapat sa kanya na aanyayahan sila nang pauli't-ulit at walang-tigil, baka sakaling sila'y patnubayan ng Allah, sapagkat ang hindi nagsasagawa ng Salah ay Kafir (di-Muslim) – nawa'y kupkupin tayo ng Allah laban dito – Batay sa mga patunay na matutunghayan sa banal na Qur-an , sa Sunnah, sa mga salawikain ng mga Sahabah (tagasunod ng Propeta ﷺ sa kanyang kapanahunan) at sa wastong pananaw.*

Sa banal na Qur-an: batay sa sinabi ng Allah patungkol sa mga Mushrik (nagtatambal sa kaisahan ng Allah):

{

{At kung sila'y nagbalik-loob, nagtaguyod ng Salah at nagbigay ng Zakat (ubligadong kawanggawa). Samakatuwid, (sila'y) inyong mga kapatid (sa pananampalataya). At Aming isinaysay nang puspusan ang mga tanda para sa mga taong nakakaalam.} At-Tawbah (9): 11

Ang ibig ipahiwatig ng talata na ito; Kapag hindi nila ginawa iyon, sila ay hindi natin kapatid sa pananampalataya. Samakatuwid, hindi nawawala ang bisa at bigkis ng pagkakapatiran sa Islam nang dahil lamang sa kasuwailan gaano man kabigat ito, datapuwa't tuluyang nawawala ang bisa at bigkis nito sa unang sandali pa lang ng pagtalikod at paglabas sa pananampalatayang Islam.

Sa Sunnah: batay sa sinabi ng Propeta (SAW): "Ang pagitan ng isang lalaki at ng di-pagsampalataya at Shirk (pagbibigay katambal sa kaisahan ng Allah) ay ang di pagsasagawa ng Salah." Sahih Muslim.

At sinabi pa niya (SAW) sa Hadith na naiulat ni Buraidah – nawa'y kalugdan siya ng Allah – mula sa mapapanaligang mga Hadith: "Ang kasunduang namamagitan sa amin at sa kanila (sa mga di-muslim) ay ang Salah. Kaya ang sinumang hindi nagsasagawa nito, siya ay tumalikod sa Islam".

Sa mga salawikain ng mga Sahabah: batay sa sinabi ng Ameerul Mu'mineen, na si Umar bin Al-Khattab – nawa'y kalugdan siya ng Allah – "Ang sinumang hindi nagsasagawa ng Salah ay walang bahagi sa Islam. "

Sa pahayag na ito; ang bahaging itinatanggi ay pangkalahatan, ibig sabihin; maging kaunti o marami.

Si Abdullah bin Shaqeeq ay nagpahayag nang ganito: " Ang mga kasamahan noon ng Propeta (SAW) ay walang tinatagurian na gawaing nasasakdal sa pagka-kufr (di pagsampalataya) maliban sa di pagsasagawa ng Salah".

Sa wastong pananaw, maaaring sabihin: Matatanggap ba ng matinong isipan na ang isang lalaking may pananampalataya sa kanyang puso na kasing laki ng butil ng mustasa, nalalaman ang kadakilaan ng Salah at ang labis na pagpapahalaga ng Allah dito, at pagkatapos ay pangangalagaan ang di pagtataguyod sa tungkuling ito?!.. Ito'y bagay na di katanggap -tanggap.

Sa katunayan, aking sinaliksik ang mga patunay na pinagbabasihan ng nagsasabing ang taong ito'y (di-nagdarasal) hindi tumitiwalag sa Islam.

At aking natagpuan na ito'y di lumalabas sa limang kalagayan:

- 1. Maaaring ang mga ito'y wala nga talagang patunay na tumutukoy dito.***
- 2. O maaaring ang mga ito'y tinakdaan lamang ng isang kalagayan o paglalarawan na siyang nakapagpipigil sa kanya sa di pagsasagawa ng Salah.***
- 3. O maaaring ang mga ito'y tinakdaan ng isang partikular na kalagayan na kung saan ang taong ito na di nagsasagawa ng Salah ay may katanggap-tanggap na dahilan sa di pagsasagawa nito.***
- 4. O maaaring ang mga ito'y pangkalahatan, at itinakdang pangpartikular batay sa mga Hadith na nagpapatunay sa pagiging Kafir ng taong di nagsasagawa ng Salah.***
- 5. O maaaring ang mga ito'y mahina, di dapat panghahawakan bilang patunay dito.***

Wala namang Teksto (pahina sa banal na Qur'an o sa Sunnah) na nagpapahayag na ang di nagsasagawa ng Salah ay isang mananampalataya o di kaya'y makakapasok sa Paraiso o makakaligtas sa Impiyerno o ang mga katulad nito; na maaaring makapagtutulak sa atin upang ialinsunod ang pagpapakahulugan sa Kufr batay sa pagpapakahulugan ng mga nagsasabing ang di nagsasagawa raw ng Salah ay di nasasadlak sa malaking Kufr (ganap na pagtalikod sa Islam), bagkus ito'y nasasadlak lamang daw sa Kufr Ni`mah (di ganap na pagtalikod sa Islam sa pamamagitan ng di pagtanaw ng utang-na -loob sa biyaya ng Allah).

At kapag na pagtanto na ang di nagsasagawa ng Salah ay lubos na tumalikod sa Islam. Samakatuwid, sumasaklaw sa kanya ang mga kahatulan ng mga taong bumabaliktad sa Islam.

Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. *Hindi tanggap ang kanyang pag-aasawa, at kung na basbasan man siya ng kasal sa kabila ng di niya pagsasagawa ng Salah. Samakatuwid ang kasal ay walang bisa, at ang kanyang asawa ay hindi ipinahihintulot sa kanya. Batay sa sinabi ng Allah patungkol sa mga babaing nagsilikas:*

{ }

{At kung napagtanto ninyo sa kanila na sila'y tunay na mga babaing mananampalataya, magkagayon huwag ninyo silang hayaang bumalik sa mga (asawang nilang) di sumasampalataya, silang mga ito ay hindi karapat-dapat para sa kanila at sila rin namang yaon ay di karapat-dapat sa kanila}. Al-Mumtahinah (60): 10

2. *Kapag tinalikuran niya ang Salah pagkatapos mabasbasan ng kasal. Ang kanyang kasal ay bibigyan diin ng kawalang kabuluhan, at ang kanyang asawa ay hindi ipinahihintulot sa kanya. Batay sa pahina na ating unang nabanggit at sa puspusang pagsaysay na siyang kinikilala ng mga Eskolar, maging ang kalagayan nito ay bago o pagkatapos na ng pagtatalik.*

3. *Ang lalaking ito na di nagsasagawa ng Salah; kapag siya ay kumatay, ang kanyang kinatay ay hindi ipinahihintulot kainin. Bakit?!...Dahil ito ay ipinagbabawal. Samantalang kung ang kumatay ay isang Hudyo o Kristiyano, ang kinatay nito ay ipinahihintulot kainin. Samakatuwid ang kinatay ng taong ito ay higit na marumi at karumal-dumal kaysa kinatay ng isang Hudyo o Kristiyano.*

4. *Ipinagbabawal sa kanya na pumasok sa Makkah, maging sa mga hangganan ng mga sagradong pook nito. Batay sa sinabi ng Allah:*

{ }

{O kayong mga sumampalataya! Tunay na ang mga Mushrik (nagtatambal sa kaisahan ng Allah) ay marumi. Kaya't wala silang karapatang lumapit sa Sagradong Mosque (sa Makkah) pagkalipas ng kataunan nilang ito}. At-Tawbah (9): 28

5. Kapag namatay ang isa sa kanyang kamag-anak, ito'y walang karapatan sa pamana. Kaya kapag namatay ang isang lalaki (na nagsasaluh) at may naiwanang anak na lalaki (na hindi nagsasaluh ng Salah) at pamankin na malayong kamag-anak (subalit nagsasaluh ng Salah). Sino nga ba sa kanila ang may karapatang magmana ng kanyang ari-arian? Dapat lang, ang kanyang pamankin na malayong kamag-anak, at hindi ang sarili niyang anak.

Batay sa sinabi ng Propeta (SAW): [Sa Hadith na naiulat ni Usamah " Walang karapatang tumanggap ng pamana ang isang muslim sa isang di-muslim at gayon din naman ang isang di-muslim sa isang muslim".] Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim.

At sinabi pa niya (SAW): [" Ipamahagi ang mga naiwang pamana sa mga may ari nito. At (kapag may) na tira; ang pinakamalapit na kamag-anak na lalaki ang tatanggap nito".] Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim.

Ang pagsasaluhimbawang ito (sa taong di nagsasaluh) ay sumasaklaw sa lahat ng tatanggap ng mana.

6. Kapag siya ay namatay; Siya ay hindi papaliguan at babalutin, ni hindi pagsasaluh ng Salah at hindi rin ililibing sa libingan ng mga muslim. Kung gayon, ano ang gagawin sa kanya? Siya ay ilalabas sa disyerto, huhukayaan at ililibing doon sa kanyang kasuutan, sapagkat siya ay walang angking kabanalan. At dahil dito hindi nararapat sa isang tao – na kapag namatayan ng isang kamag-anak at alam niyang hindi ito nagsasaluh ng Salah – na dadalhin ito sa harap ng mga muslim upang pagsasaluh ng Salah.

7. Siya at sina Fir-aun, Haman, Qarun at Ubay bin Khalaf (mga namumuno sa di pagsampalataya) ay sama-samang iipunin sa araw ng pagbabangon muli, at hindi papapasukin sa Paraiso – nawa'y di tayo mapabilang sa mga yaon.

At hindi rin nararapat sa kanyang mag-anak na siya'y ipanalangin ng habag at kapatawaran, sapagkat hindi siya muslim, hindi siya karapat-dapat para dito.

Batay sa sinabi ng Allah:

}

{

{Hindi nararapat sa Propeta (Muhammad SAW) at sa mga sumasampalataya na ipanalangin ng kapatawaran ang mga Mushrik (nagtatambal sa kaisahan ng Allah), maging ang mga ito'y malalapit na kamag-anak pagkatapos nilang mapagtanto na ang mga ito'y tunay ngang maninirahan sa Impiyerno}. At-Taubah (9):113

Samakatuwid, O! aking mga kapatid; Ang paksang ito ay sadyang napakahalaga...Subalit nakakalungkot isipin na ang ibang tao ay sadyang hindi binibigyan ng pagpapahalaga ang naturang paksa, kanilang pinababayaan sa loob ng kanilang tahanan ang mga taong hindi nagsasagawa ng Salah. Samantalang mahigpit na ipinagbabawal ito. Ang Allah ang higit na Nakaaalam. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ng Allah ay makamit ng ating Propeta na si Muhammad (SAW), ng kanyang mag-anak at ng lahat ng kanyang mga tagasunod.

Ang kagalang-galang na Pantas/ Muhammad bin Salih Al-Uthaimen – nawa'y kahabagan siya ng Allah.

Tanong: *Ang nakatatanda kong kapatid na lalaki ay hindi nagsasagawa ng Salah (pagdarasal)! Maaari ko bang ipagpatuloy ang ugnayan namin sa isa't isa o hindi na? Para sa kaalaman, siya ay kapatid ko lamang sa ama.*

Sagot: *Ang hindi nagsasagawa ng Salah nang sinasadya ay Kafir (di-muslim). Siya ay nasasadlak sa Kufr Akbar (ganap na pagtalikod sa Islam) kung kanyang pinatutunayan ang pagka-ubligado nito, ayon sa ilan at pinakatumpak na pahayag mula sa mga Pantas. Subalit kung kanyang pinabubulaanan ang pagka-ubligado nito, siya ay lubos na Kafir ayon sa pahayag ng lahat ng mga Pantas.*

Batay sa sinabi ng Propeta (Muhammad ﷺ): "Ang taluktok ng lahat ng bagay ay ang Islam at ang mga haligi nito ay ang Salah at ang pinakatuktok naman ng umbok nito ay ang pakikipaglaban sa landas ng Allah (Al-Jihad)." Inilathala ni Al-Imam Ahmad,

Tirmedhi at ni Ibnu Majah sa mapapanaligang mga kawing ng mga mananalaysay.

At sinabi pa niya (SAW): "Ang pagitan ng isang lalaki at ng kawalan ng pananampalataya at Shirk (pagbibigay katambal sa Allah) ay ang pagtalikod sa Salah". Inilathala ni Muslim.

At sinabi pa niya (SAW): "Ang kasunduang namamagitan sa amin at sa kanila (mga di-muslim) ay ang Salah. Kaya't ang sinumang hindi nagsasagawa nito. Samakatuwid, siya ay tumalikod sa Islam". Inilathala ni Al-Imam Ahmad at ng Ahlus Sunan, sa mapapanaligang kawing ng mga mananalaysay.

Sapagkat, ang di nagpapatunay sa pagka-ubligado nito ay nagpapabula sa Allah, sa Kanyang Sugo, sa napagkaisahan ng mga Pantas at sa pananampalataya. Kung kaya't ang pagtalikod niya sa Islam ay higit na ganap at lubos kaysa sa di nagsasagawa ng Salah sanhi ng kapabayaan.

Gayon pa man, sa dalawang kalagayan nito; ang dapat sa may katungkulan sa mga muslim ay ubligahin siya sa pagbabalik-loob, at kung siya ay nagbalik-loob (makabubuti sa kanya) at kung hindi! Siya ay hahatulan ng kamatayan, batay sa mga patunay na nagpapahayag tungkol dito.

Ang dapat ay layuan ang di nagsasagawa ng Salah, putulin ang pakikipag-ugnayan sa kanya at huwag paunlakan ang anumang paanyaya nito hangga't hindi niya pinagsisisihan iyon. At bilang tungkulin dapat siyang pangaralan, hikayatin sa katotohanan, at bigyan ng babala tungkol sa mga parusa na kusang inihanda para sa mga taong di nagsasagawa ng Salah sa mundong ito, maging sa kabilang buhay. Baka sakaling siya ay matauhan at magbalik-loob, at nang patatawarin siya ng Allah.

Ang kagalang-galang na Pantas/ Abdul Aziz bin Abdullah bin Baz – nawa'y kahabagan siya ng Allah.

Ito ang kahatulan sa taong hindi nagsasagawa ng Salah, maging lalaki o babae man. O! Ikaw na di nagsasagawa ng Salah o di nagbibigay ng pagpapahalaga dito. Samantalain ang nalalabing buhay sa paggawa ng kabutihan, sapagkat hindi mo alam kung ilan na lamang ang nalalabi sa buhay mo, may nalalabi pa bang kabuwanan, araw o mga oras kaya. Ang Allah ang tanging may alam nito.

Palaging alalahanin ang sinabi ng Allah:

{ }

{Katotohanan, ang sinumang humarap sa kanyang Panginoon sa kalagayang isang salarin, samakatuwid, tunay na kanyang makamit ang Impiyernong Apoy, hindi siya mamamatay doon, ni hindi rin mabubuhay (ng marangya)}. Taha (20): 74

At sinabi pa Niya:

{ }

{Samakatuwid, ang para sa taong naging Tagha (lumalampas sa mga hangganan na itinakda ng Allah), at higit na minabuti ang (mga karangyaan ng) buhay dito sa daigdig. Katiyakan, ang kanyang magiging tahanan ay ang Impiyernong Lumalagablab}. An-Nazi`at (79): 37-38-39.

Nawa'y ang lahat ng ipagkakaloob sa atin ng Allah ay pawang kabutihan at tagumpay. At nawa'y gawin sa atin ng Allah ang mga araw natin na punong-puno ng kaligayahan at katiwasayan sa ilalim ng batas ng Allah.

Isinalin sa Tagalog ni:
Muhammad Taha Ali